

PROLOGUE

“Nang mamatay si Doña Almira Legarda, ang pamamahala sa bangko ay napunta sa panganay niyang anak na si Natalie Legarda.” Si Maritess ang nagsasalita, personal secretary ni David Abrigo na inatasan niyang magpaimbestiga tungkol sa pamilya Legarda.

Nang umagang iyon ay kinansela ng binata ang ibang mga appointments upang magtungo sa mansion ng mga Legarda. Inimbitahan siya ng family lawyer ng pamilyang ito sa isang salu-salo kasama ang magkapatid na Natalie at Michelle Legarda. Kasalukuyan silang nasa loob ng sasakyan.

“At hindi umubra ang galing ni Natalie kaya bumabagsak ang bangko ngayon?” tanong niya makaraan ang ilang sandaling pag-iisip.

“Wala pang announcement mula sa matataas na opisyal ng bangko na palugi na ito, Sir,” pagtatama ng sekretarya.

“Alam ko, Maritess,” napabuntunghiningang sagot niya. “Wala pang lumalabas sa newspapers na bumabagsak na ang pag-aaring bangko ng mga

Legarda at walang ibang makakapagsabi na totoo 'yon kundi ang *Central Bank*. Sa tingin mo ba, aaminin ni Natalie, bilang presidente ng bangko, na isa sa mga araw na ito ay magsasara na sila?"

Isang tipid na iling ang isinagot ng sekretarya.

"Iyan ang dahilan kung bakit favor si Natalie sa merger," pagpapatuloy niya.

"Perhaps, Sir," tugon nito. "Pero ang nagmamay-ari ng bangkong nais sumalba sa mga Legarda ay mga magulang mismo ng lalaking pakakasalan ni Michelle, ang nag-iisang nakababatang kapatid ni Natalie. Ferdinand Zialcita ang pangalan ng fiancé ni Michelle. I guess you've heard of him?"

"Yeah," sagot niya. "I met him once in a business gathering pero hindi kami masyadong nagkausap. Of course, I know Michelle is just using the man," dagdag niya. "Hindi marunong magmahal si Michelle. Hindi siya marunong magseryoso sa isang relasyon kaya hindi ako naniniwalang pakakasalan niya ang lalaking 'yon dahil mahal niya ito. Pakakasalan niya si Ferdinand dahil ito ang makakapagsalba sa nalulunod nilang negosyo."

"I guess you're right." Napalunok ang beinte-ocho años na sekretarya. Ito ang tanging nakakaalam sa

tunay na istorya ng boss at ng mag-anak na Legarda.

Sumulyap si David sa unipormadong chauffeur. “Carding, alam mo na kung saan tayo pupunta, ha?”

“Yes, Sir,” sagot nito.

Pagkaraan ay nakangiting bumaling siya sa sekretarya. “Now, Maritess, sa tingin mo ba’y kailangan ko nang magsaya? Do you think, dapat ko na silang pagtawanan pagkatapos ng mga nangyari?”

“You have all the right to, S-Sir,” mahinang sagot nito. “Kayo ang nakakaalam kung masaya nga kayo sa mga nangyayari sa pamilyang kinaiinisan n’yo.”

Napabuntunghiningang bumaling siya sa bintana. “Six years, Maritess. Six years kong hinintay ang pagkakataong ito. Pero hindi pa rin ako handang humarap sa kanila.”

Sumabay sa pagkulimlim ng mukha ni David ang pagdaloy ng mga alaala. Hanggang ngayon ay hindi pa rin niya makalimutan ang minsang nangyari sa kanya noong beinte y uno años pa lamang siya....

1

Magara at malaki ang mansion na iyon sa loob ng *Forbes Park* na protektado ng ilang security guards. May outdoor at indoor swimming pool, may outdoor at indoor tennis court. Sa maluwang na garahe ay may nakaparadang dalawang van at tatlong kotse. Ito ang mansion ng mga Legarda.

Si Tiya Esther, tiyahin sa ina ni David ang naging private tutor ng magkapatid na Natalie at Michelle. Isang dating Math professor ito na minabuti pang maging private tutor ng mga Legarda dahil mas malaki ang suweldong ibinibigay rito ni Doña Almira Legarda kaysa sa natatanggap nito sa universidad na dating pinapasukan.

Nakaugalian na ni David na sunduin sa mansion ang tiya tuwing Sabado ng hapon at araw-araw tuwing alas nueve ng gabi pagkagaling niya sa eskuwelahan. Dito niya nakilala ang magkapatid. At dito rin unang nabuo ang kanyang pantasya para kay Michelle. Twenty-one years old siya noon at magtatapos na sa kursong Business Management.

Nang dumating siya sa mansion upang sunduin si Tiya Esther nang hapon na iyon ng Sabado ay abala

ang mga katulong sa paghahanda ng maluwang na hardin na siyang pagdarausan ng debut party ni Michelle. Maaga ring natapos ang tutorial session nina Tiya Esther at Michelle dahil may rehearsals ang dalaga kasama ang members ng cotillion nito.

Nalabasan ni Tiya Esther ang pamangkin na naghihintay sa maluwang na living room. “O, Dave, nand’yan ka na pala,” nakangiting sabi nito, pagkuwa’y tumingin sa relo. “O, ang aga mo naman yata? Pero tamang-tama ang dating mo dahil maaga kaming natapos ni Michelle. Mamayang gabi gaganapin ang debut niya.”

“Kaya pala busy ang mga maids nila,” saad niya.

“Oo. At abala sa pag-eensayo ng sayaw si Michelle sa likod ng bahay. Tiyak na ang ganda-ganda ng batang ’yon mamayang gabi.”

“Kaya pala ang lakas-lakas ng music. Sana imbitahin nila tayo,” pabulong na usal niya.

“Nagpapantasya ka na naman,” nakangiting tapik nito sa balikat niya. “Ni hindi nga maalala ni Michelle ang pangalan mo, eh.” Minsan ay ipinakilala na siya nito sa magkapatid.

“Dahil hindi n’yo sinusunod ang pakiusap ko sa inyong paminsan-minsan ay ibida n’yo naman ako sa

kanya,” ganting ngiti niya.

“Ginagawa ko naman, Hijo, eh.”

“Ano naman ang sinasabi n’yo tungkol sa akin?”

“Na paboritong pamangkin kita.”

“Dahil ako lang ang pamangkin mo,” napailing na sagot niya. “Yon lang? Wala na kayong ibang sinabi?”

Nagkibit-balikat ito.

“Bakit hindi n’yo sinabing guwapo ako at mabait?” medyo lumakas ang tinig na tanong niya. “Bakit hindi n’yo sinabing matalino ako at laging top sa klase?”

“Shh... marinig ka, Hijo,” natatawang awat nito. “Ang mabuti pa’y umuwi na tayo.”

“Mabuti pa nga siguro.” Kinuha niya ang mga dala-dalahan ng tiyahin.

Lalabas na lang sila ng front door nang marinig nila ang maarteng boses sa kanilang likuran.

“Esther...”

Nalingunan nila si Michelle na suot ang gown nito at papalapit sa kanila. Kaagad na kumislap ang

mga mata ni David nang masilayan ang babaeng matagal na niyang pinapantasya nang palihim. Matangkad, maganda at sexy si Michelle ngunit may isang kapintasan ito—mahina ang ulo, ayon kay Tiya Esther. Kaya kahit nasa college na ay kailangan pa itong turuan lalung-lalo na pagdating sa Math subject. Pero lihim niyang ikinatutuwa ang bagay na iyon dahil habang patuloy si Tiya Esther sa pagtuturo kay Michelle, malaya siyang nakakapunta ng mansion at nakikita ang dalaga.

“Michelle,” napangiting sambit ni Tiya Esther. “Hija, lalo kang gumanda sa suot mo. Iyan na ba ang gown mo sa party?”

Matamis na ngiti ang pinakawalan nito na nagpalantad ng mapuputing ngipin. “Hindi, Esther,” sagot nito. “Sa rehearsals ko lang isinusuot ’to.” Pagkasabi niyon ay tiningnan nito ang binata mula ulo hanggang paa.

Na nahalata naman ni David kaya namumula ang mukhang bumawi siya ng tingin. Naka-polo shirt lamang siya at maong na jeans ngunit hindi mapapalampas ng sinumang babae ang kanyang magandang tindig. Ang height niya ay 5’9”, maputi siya at matipuno ang pangangatawan. Animo’y nakangiti ang kanyang mga mata, matangos ang ilong

at manipis ang mga labi.

“Esther, ngayon ko lang nalaman na guwapo palang talaga ang pamangkin mo,” pagkuwa’y napangiting sabi ni Michelle. “Ano nga ulit ang pangalan niya?”

“D-David.” Naunahan niya sa pagsagot si Tiya Esther.

“David,” mahinang ulit nito. “I like it.” Mula sa likuran ay inilantad nito ang isang kamay na may hawak na invitation card. “I’d be very happy if you would come tonight.” Iniabot nito kay David ang invitation card.

Napatingin siya kay Tiya Esther, nagdadalawang-isip kung tatanggapin ang iniaabot nito.

“Please?” ani Michelle. Nanginginig ang kamay na tinanggap niya iyon. “Thanks,” nakangiting muling sabi nito.

Mula sa matarik na hagdan ay pumanaog ang matangkad din na babae. Maganda rin sana ito ngunit ang bilugang mga mata ay palaging nakakubli sa eyeglasses at ang mahabang buhok ay hindi nakikitang nakalugay kundi palaging nakatali o nakapusod. Conservative din ito kung manamit at walang makikitang kaartehan sa katawan. Ito si

Natalie Legarda, ang kapatid ni Michelle na matanda rito ng dalawang taon.

“Michelle,” matigas ang boses na tawag nito.

“Yes?”

“What are you doing here?” tanong nito na hindi kakikitaan ng ngiti ang mga labi. Walang araw na hindi ito pormal. Kinayayamutan nito ang kagarapalan ni Michelle, ang maarteng pagkilos nito at higit sa lahat ay ang kapurulan ng utak. Sa maikling salita, matalino at perfectionist ito.

Naghalukipkip si Michelle. “I’m inviting David to my party.”

“Bumalik ka na sa likod,” utos nito.

Bubulung-bulong na tumalikod ang kapatid.

“Esther, may kailangan ka pa ba?” pormal na tanong ni Natalie nang makaalis si Michelle.

“Ah, w-wala na, Ma’am Natalie,” natarantang sagot nito, sabay hila kay David. “P-paalis na kami. Goodbye.”

“Adios,” taas-noong sagot nito bago pumihit pabalik sa itaas.

Hatid-sundo rin si Tiya Esther ng chauffeur ng mga Legarda. Habang nasa sasakyan ay di-makapaniwalang nakatitig si David sa invitation card na ibinigay ni Michelle kanina.

“Hindi ako makapaniwala, Tiya Esther,” aniya. “Mismong si Michelle ang nag-imbita sa akin.”

“Inimbita ka nga ni Michelle ngunit hindi ni Natalie, David,” pormal na saad nito.

Napaharap siya rito. “Tiya Esther, ang debutante ang mismong nag-imbita sa akin,” may kislap ang mga matang sagot niya. “Mas nakakahiya kung hindi ko siya pagbibigyan.” Bumaling siya sa bintana. “Wala akong pakialam kung ayaw ng masungit na ’yon ang makita ako bilang isa sa mga bisita ni Michelle.”

“Sino’ng masungit?” napatingin sa kanya na tanong nito.

“Who else, Tiya Esther, kundi si Natalie? Kaya siya nagmumukhang gurang dahil sa kasungitan niya,” direktang sagot niya.

“David!” Sumulyap si Tiya Esther sa chauffeur. Tuwid ang tingin nito sa daan na animo’y walang naririnig. “Puwede ba, Hijo,” pabulong na baling nito sa kanya, “huwag mo namang ilabas pati rito ang pagkainis mo kay Natalie.”

Nginitian niya ito. “Hindi magiging maligaya si Natalie hangga’t hindi niya binabago ang ugali niya.”

Hindi mapakali si David nang gabing iyon. Habang nakahiga sa kama ay patuloy na gumigiit sa kanyang isipan ang magandang mukha ni Michelle at ang masungit na mukha ni Natalie. Marahil kung mayaman siya ay hindi ganoon ang magiging trato sa kanya ng panganay sa magkapatid na Legarda.

“Sanggol ka pa lamang nang maghiwalay ang mga magulang mo,” naalala niyang kuwento ni Tiya Esther. *“Matapobre ang pamilya ng papa mo. Pinakasalan ng papa mo ang mama mo nang hindi nalalaman ng mga Abrigo kaya nang mabunyag ang nangyari, inalok nila ng malaking halaga si Laura upang layuan lamang si Norman ngunit hindi tinanggap ng mama mo ang malaking halagang iyon. Matindi ang pagtutol ng mag-asawang Abrigo kay Laura kaya upang matahimik ang mga ito, kusa na siyang lumayo. Tumira siya sa akin at tinulungan ko siya sa pagpapalaki sa ’yo. Wala akong pamilya, David, kaya laking tuwa ko nang dumating kayo ng mama mo sa akin.*

“Nang mamatay ang mama mo sa sakit na cancer, inako ko na ang lahat ng responsibilidad na dapat ay sa papa mo. Ni minsan ay hindi siya nakaalala sa ’yo.

Lumipat ako ng tirahan upang makalimutan ang mga nangyaring iyon.”

Naputol ang paggugunita niya nang kumatok si Tiya Esther sa pinto. “Dave, tutuloy ka pa ba sa mga Legarda?” tanong nito.

“O-oho,” sagot niya matapos ang ilang sandaling pag-iisip.

“Huwag kang masyadong magpapagabi, ha,” bilin nito. “Tatawid lamang ako kina Mareng Lydia.”

“Sige ho.” Tumayo siya at nagsimulang magbihis.

Katulad ng dapat asahan, puno ng mga kilalang tao ang mansion ng mga Legarda kinagabihan upang saksihan ang eighteenth birthday ni Michelle.

Napakaganda ng dalaga sa color peach gown. Halos lahat ng kabinataang naroroon ay gustong maisayaw ito. Isa na si David na hindi nagdalawang-isip na lapitan ito at yayaing sumayaw.

Nagulat na lamang ang lahat nang makitang kasayaw ng debutante ang binata.

“Oh, my goodness!” di-makapaniwalang naibulalas ni Doña Almira. “Hindi ba’t ang lalaking

'yan ang pamangkin ni Esther?" tanong nito sa katabing si Natalie. Isa na itong biyuda dahil maagang pumanaw ang asawa nito sa sakit na cancer.

"Ang kapal talaga ng mukha ng lalaking 'yan!" ang siyang naisagot ni Natalie. "Humanda siya sa akin!" Nagtiim ang mga bagang nito.

Animo'y walang nakikita o naririnig si David habang kasayaw si Michelle nang mga sandaling iyon. Ang pakiramdam niya ay nakalutang siya sa alapaap at walang ibang tao roon kundi silang dalawa lamang. Habang nakapikit ang kanyang mga mata ay namalayan na lamang niya ang sariling inilalapit ang mukha rito upang hagkan ito sa mga labi.

Naudlot iyon nang magsalita ito. "Dave..."

Nagmulat siya ng mga mata at nakita itong titig na titig sa kanya. "M-Michelle...." mahinang sambit niya.

"Hintayin mo ako sa solarium," bulong nito.

Natigilan siya, hindi makapaniwala.

"Nagsasawa na ako sa ganito," muling sabi nito, sabay haplos sa pisngi niya. "I want to try something new. Siguro naman ay magagawa ko na ang gusto

Ikaw Pa Rin Ang Mahal - Ningning C. Interino

ko ngayong dalaga na ako.” Isang matamis na ngiti ang pinakawalan nito habang humihiwalay sa kanya. “Inuulit ko, Dave, wait for me at the solarium.”

Iyon lang at marahang humakbang na papalayo si Michelle sa kanya. Naiwan siyang animo’y rebultong nadikit sa kanyang kinatatayuan.

2

Mabibilis ang hakbang ni Michelle habang iniwan ang mga panauhin sa harapan ng mansion. Malilikot ang mata nito na parang iniwasang may makapansin sa pagtalilis nito. Tuluy-tuloy ito sa loob ng bahay ngunit pagdating sa dining room ay bigla itong hinarang ni Natalie.

“Where are you going?” matigas na tanong niya.

Napatda ito sa kinatatayuan ngunit sandali lamang iyon. “I’m going to meet David at the solarium,” taas-noong sagot nito.

“Hindi ka na nahiya sa kalandian mo!” mahina ngunit mariing sabi niya. “Talagang kahit kailan, pinaiiral mo ang mapurol mong utak!”

“Tumigil ka na sa pang-iinsulto mo, Natalie,” inis na sabi nito. “Naiinggit ka lang sa akin dahil walang lalaking pumapansin sa ’yo. I had my first boyfriend at thirteen,” nagmamayabang na pagtatapat nito. “Pero ikaw, beinte años ka na pero hindi mo pa nararanasang maligawan ng lalaki. Kaya ka naiinggit sa akin. Kaya gusto mo akong paghigpitan. Gusto mong putulin ang mga kaligayahan ko para magkaroon ka ng karamay!”

“Wala kang pinapatawad,” nanlalaki ang mga matang akusa niya. “Pati ang pamangkin ng tutor mo’y pinapatulan mo. Hindi mo ba naisip na ikakahiya ka ng mga Legarda kapag nalaman nilang nakikipagmabutihan ka sa isang pobre?”

“The hell with them!” singhal nito. “David’s waiting for me and no one can stop me from seeing him.”

“You are not going anywhere near him!” matigas na sagot ni Natalie, sabay hila sa braso ng kapatid patungo sa hagdan.

“Ano ba?” nagpupumiglas na sabi nito. “Will you let me go!”

“Hinihintay ka ni Mama sa kuwarto,” aniya. “Bahala kang makiusap sa kanya.”

“I hate you!”

Pagdating sa kuwarto ay pasalyang binitawan ni Natalie si Michelle sa kama kung saan nakaupo si Doña Almira.

“Bahala ka na sa kanya, Mama,” mahinang bilin niya bago lumabas ng pinto at kinabig ito pasara.

Ang solarium ay isang bahagi ng mansion na enclosed sa malinaw na salamin at nasisinagan ng araw tuwing umaga. Mula roon ay malalanghap ang mababangong bulaklak sa garden na malapit dito.

Matapos magtanong ni David kung saan matatagpuan ang solarium at itinuro siya ng maid sa nasabing lugar, maingat niyang tinungo iyon habang iniiwasang may makapuna sa kanya.

Tahimik na tahimik doon at walang katau-tao. Naupo siya sa bench na yari sa mga bato at excited na hinintay ang pagdating ni Michelle.

“Ipinasasabi ni Michelle na hindi siya makakarating.”

Napakislot siya sa matigas na tinig na iyon. Nalingunan niya ang papalapit na si Natalie at may kabang naghari sa kanyang dibdib. “B-bakit?” mahinang tanong niya.

“Dahil nagising siya sa katotohanang hindi siya dapat nakikipagmabutihan sa ’yo.” Naghalukipkip ito sa harapan niya. “Siguro naman ay alam mo ang dahilan?”

Mapait na ngiti ang pinakawalan ng binata. “Dahil hindi kami bagay; pobre ako at mayaman siya. Hindi ba niya nasabi sa ’yong siya ang may gustong

pumunta ako dito?”

“Walang sinasabi si Esther sa aking mahina din ang kukote mo,” uminit ang ulo na sagot ni Natalie. “Playgirl si Michelle. Kahit mapurol ang utak niya, maraming lalaking naloloko sa kanya dahil maganda siya. Ngayon, Mister, gusto ka niyang gawing isa sa mga lalaking pinapaasa niya at nagpapaloko ka naman!”

“Masuwerte pala ako at paglalaruan ako ng isang Michelle Legarda,” nang-iinis na sagot niya. “That’s good. Noon ko pa gusto ang kapatid mo.”

“Do you know what you are saying?” napikang tanong nito. “Makapal ang mukha mo. Bukas ay kakausapin ko si Esther na pangaralan ka. Mukhang hindi ka natuturuan nang tama.”

“Lumaki akong walang ama at inang nag-aalaga sa akin pero maayos ang pagpapalaki sa akin ni Tiya Esther,” mariing sagot niya. “Alam mo, Natalie, ikaw ang naturuan nang hindi tama. Palibhasa minulat ka ng mga magulang mo sa maling paniniwala na ang mayaman at mahirap ay hindi puwedeng magtagpo kaya ganyan na lang kung makaalipusta ka ng kapwa mo.”

“Lumayas ka sa harapan ko ngayon din!” umakyat

ang dugo sa ulo na taboy nito sa binata.

“Talagang aalis ako dahil makita ko pa lang ang mukha mo, nayayamot na ako,” ganting pang-iinsulto niya. “Kasing-pangit mo ang ugali mo!” Matapos sabihin iyon ay mabilis nang iniwan ni David ang dalaga.

Alam niyang natigilan ito sa kinatatayuan ngunit hindi na niya ito nilingon pa.

Ang akala ni David ay si Natalie lang ang may pangit na pag-uugali sa pamilya ng mga Legarda. Nagpatuloy ang pagkahumaling niya kay Michelle at palihim silang nagkikita nito sa kabila ng mga naririnig niya sa ibang tao na may iba pang lalaki sa buhay nito bukod sa kanya.

Naging magkasintahan sila ni Michelle. Masaya na sana siya kung hindi sa kanyang natuklasan isang gabing sinundo niya si Tiya Esther sa mansion ng mga Legarda.

Ayon kay Tiya Esther, wala sina Doña Almira at Natalie noon kaya hinanap niya si Michelle hanggang sa solarium. Doon ay nabigla siya sa nakita. May ibang lalaking kausap ito at narinig niyang sinabi nito na pinaglalaruan lamang siya.

“Sa tingin mo ba’y seseryosohin kita, David?” taas-noong tanong ni Michelle nang kausapin niya ito kinabukasan sa pinapasukan nitong universidad.

“A-ano’ng ibig mong sabihin?” mahinang tanong niya.

“Ako, magseseryoso sa pamangkin ng tutor ko?” Isang malutong na tawa ang pinakawalan nito. “Ambisyoso ka pala, Dave. Ang akala ko pa naman ay matalino ka at nakikisakay ka lang sa pambobola ko. Aba, at seryoso ka nga palang talaga sa akin?”

“S-sinagot mo ako, Michelle,” mas humina pa ang tinig na paalala niya. “A-at girlfriend na kita, di ba?”

“Pero never ko sinabing mahal kita, remember?”

“Pinaglaruan mo lang ako!” Nagkuyom ang mga kamay niya sa galit.

“So, now that you know, tapos na sa atin ang lahat.” Nakataas-noong tumalikod na ito paalis.

“Pareho ka rin pala ng kapatid mo!” naisigaw ni David sa matinding poot. “Pare-pareho lang kayo!”

Parang walang narinig na nagpatuloy lang sa paghakbang si Michelle.

Minahal ni David si Michelle at mahirap para sa kanya ang kalimutan ito. Habang lumilipas ang mga araw at gumigiit sa isipan niya ang ginawa sa kanya nina Natalie at Michelle ay lalong tumitindi ang pagkamuhi niya sa magkapatid.

Nang makatapos siya ng pag-aaral ay bigla na lamang siyang sinorpresa ni Norman Abrigo, ang ama niya, sa bahay ni Tiya Esther.

“Pinadadalhan ko kayo ng pera ng mama mo noon habang nakatira kayo sa bahay ni Esther sa Pasig,” kuwento nito. Katulad niya ay guwapo at makisig pa rin ito kahit nasa cincuenta años na. “Isang araw ay nalaman ko na lang na umalis na pala kayo sa dati n’yong tinitirhan,” pagpapatuloy nito.

Napatingin siya sa nakatungong si Tiya Esther. Ang sabi nito noon sa kanya ay hindi man lamang nakaalala ang kanyang ama.

“Ipinahanap ko pa rin kayo pero walang makapagsabi kung nasaan kayo,” patuloy na kuwento nito. “Nang mamatay si Papa, umasa akong matatagpuan ko rin kayo at mapapatira sa mansion.” Pumiyok ito. “Pagkatapos ng maraming taon, David, ngayon lang kita nakita ngunit masakit tanggaping wala na pala ang mama mo.”

Hindi na napigilan ni Tiya Esther ang pagtulo ng luha nito. “Nang mamatay si Laura, sinadya kong ilayo sa ’yo si David,” di-nakatiis na pagtatapat nito. “Tumira kami sa probinsya hanggang sa magtatlong taon ang bata. Ibinalik ko siya rito sa Maynila sa lugar na malayo pa rin sa ’yo, Norman. Ginawa ko ’yon dahil alam kong wala kang ibang pamilya at alam kong isang araw ay kukunin mo sa akin ang batang itinuring ko nang parang tunay na anak. Natakot akong mag-isang muli.”

Napalunok si David.

“Pero ngayon ay hindi ko na mahahayaang magkahiwalay pa kayong mag-ama,” pagpapatuloy ng kanyang tiyahin, sabay pahid sa mga luha nito. “Patawarin n’yo sana ako. Sana’y maalagaan mong mabuti si Dave, Norman, katulad ng pag-aalagang ginawa ko sa kanya. Sana’y huwag mo siyang pababayaan.”

Sa kasalukuyan, natapos ang pagbabalik-tanaw ni David nang biglang pumreno ang kotse na halos ikasubsob niya sa likuran ng driver’s seat. Nasa loob na sila ng *Forbes Park*.

“Carding, ano’ng nangyari?” tanong niya sa

driver.

“May sumingit na sasakyan, Sir,” kakamut-kamot na sagot nito. “Mukhang nadale ko ang rear bumper.”

Mula nga sa humintong kotse sa kabilang kalsada ay inis na bumaba ang isang matangkad na babae. Mahaba ang buhok nito, naka-sunglasses at modernang tingnan sa suot na puting sleeveless top at itim na slacks. May itim din na scarf sa leeg nito.

Tiningnan nito ang bumper ng kotse at nakita ang maliit na gasgas niyon, pagkuwa’y matatalim na tingin ang ipinukol nito sa nakahintong sasakyan ni David.

“Reckless driver!” nakapamaywang na bulyaw nito kay Carding nang makalapit sa bintana ng sasakyan.

“Eh, Ma’am....” Kakamut-kamot sa batok na tumingin ang driver kay David na waring humihingi ng saklolo.

Minabuti ng binata ang bumaba na upang makipag-areglo sa babae. “Miss, ano’ng problema?”

Naka-shades man ito ay alam niyang tumaas ang isang kilay nito nang marinig ang kanyang maginoong tinig. May ilang sandaling pinagmasdan

siya nito nang walang kakurap-kurap ang mga mata na para bang pinag-aaralang mabuti nito kung saan siya unang nakita.

“Miss,” ulit niya nang walang marinig na sagot mula rito.

“Pagsabihan mo ’yang driver mo!” mataray na sabi ng babae na ipinalagay na lang na kahawig o kamukha niya ang lalaking naaalala nito. “Ang luwang-luwang ng kalsada, nahagip pa ang kotse ko.”

“Malaki ba ang tama?” Humakbang siya patungo sa kotse nito upang kilatisin ang bahaging nadisgrasya. “O, gasgas lang naman pala,” pagkuwa’y nakangiting baling niya rito.

“Hoy, Mister, ayoko ng kotseng may gasgas na!” sagot nito.

“Di palitan mo,” mahinahong suhestyon niya bago umakmang babalik na sa sasakyan nang humarang ito sa pinto.

“Pagkatapos madisgrasya ng tanga mong driver ang kotse ko, you expect na babalik ako sa sasakyan ko na parang walang nangyari?”

“Maritess,” napailing na pagtawag ni David sa sekretarya.

Kaagad naman itong bumaba mula sa kotse.
“Boss?”

“Ang checkbook ko, please.”

“Yes, Boss.” Nagmamadaling kinuha ni Maritess ang checkbook mula sa attaché case niya at iniabot nito iyon sa kanya.

Tahimik na nagtala siya ng halaga sa check at pinirmahan ito bago iniabot sa babae. “Siguro naman ay tatahimik ka na ngayon?”

“Hindi pa ako nauubusan ng pera para matuwa sa kakapiranggot na halaga ng tseke mo!” malakas na sagot ng mataray na babae habang pinupunit sa mismong harapan niya ang tseke. “Kung nakatira ka sa subdivision na ’to, next time, hindi na kita palalampasin. Pakuhanin mo ng driving lessons ’yang tanga mong driver, ha!” Iyon lang at nagmamadali na itong sumakay sa sariling kotse at pinasibad iyon.

Napailing na bumalik sa kotse si David.

“Grabe ang bunganga n’on, Sir, ah,” napailing na komento ni Carding. “Parang kanyon ang bibig!”

“Masanay ka na, Carding,” nakatawang sagot ni Maritess. “Iyon ang isa sa mga paraan ng mga babaeng gustong magpapansin kay Boss.”

Ikaw Pa Rin Ang Mahal - Ningning C. Interino

Napangiting isinilid niya ang checkbook sa attaché case. “Pero maganda siya,” mahinang sabi niya.

Nagkatinginan sa rearview mirror sina Maritess at Carding.

3

Wala pa ring nagbabago sa tahanan ng mga Legarda. Maganda pa rin ito kahit luma na. Hindi nalingid kay David na yumao na si Doña Almira at ang magkapatid na Natalie at Michelle na lamang ang nakatira roon.

Bumukas ang garahe makaraan ang ilang sandaling pagbubusina ni Carding. Naghihintay na sa porch ang matandang abogado si Atty. Mendez.

“Mabuti naman at pinaunlakan mo ang paanyaya ko, Mr. Abrigo,” nakangiting pagsalubong nito sa kanya nang makababa siya ng sasakyan.

“My pleasure, Attorney,” ganting ngiti niya. “I would love to meet the Legardas.”

“Halikayo,” pagkuwa’y paanyaya nito. “Naghihintay na sila sa dining room.”

Hindi mapigilan ang mabilis na pagtibok ng puso ni David habang iginigiya siya ni Atty. Mendez patungo sa naturang silid. Nasa tabi niya si Maritess, bitbit ang kanyang attaché case.

“Hija, nandito na sila,” anunsyo ng abogado nang makarating sa dining room, sabay akbay sa

kanya. “This is Mr. David Abrigo. Mr. Abrigo, this is Michelle, the youngest daughter of the late Doña Almira Legarda.”

Minsan pa ay may gumiit na alaala sa kanyang isip nang masilayan ang magandang mukha ng twenty-four-year-old na si Michelle, ang kanyang first love. Medyo pumayat ito pero maganda pa ring katulad ng dati. Nang-aakit pa rin ang mga tingin at ngiti nito.

“Nice to meet you, Mr. Abrigo,” nakangiting sabi nito kasabay ang paglakbay ng paningin sa kanya mula ulo hanggang paa. “Sit down, please. Natalie will be here in a minute. May inaayos lang siya sa itaas.”

Tahimik na naupo siya sa harap nito.

“So, ikaw pala ang kakilala ni Atty. Mendez na....” Naputol ang sasabihin nito nang matutukan ng tingin ang kanyang mukha. Kumurap-dili ang mga mata nito habang pilit siyang kinikilala. “D-David?” pagkaraan ay mahinang sambit nito.

“Yes?” nakangiting sagot niya.

“You are David Reyes, how come—”

“My father changed my family name to Abrigo

dahil apelyido ng aking mama ang ginamit ko noon,” putol niya sa sasabihin nito. Wala naman siyang planong magkunwaring ibang tao sa harapan ng babae kahit mukhang hindi siya kaagad namukhaan nito dahil sa magandang pagdadala niya sa mamahaling amerikana na suot. Ibang-iba ang hitsura niya sa dating David na mukhang pobre.

“Y-your father?” di-makapaniwalang tanong nito.

“Yes, my father,” napangiting sagot niya. “Napakaikli ng pinagsamahan natin kaya wala akong ibang naikuwento sa ’yo kundi ang mga achievements ko sa kolehiyo.”

“Hey, do you two know each other?” sabad na tanong ni Atty. Mendez na nakaupo na rin sa tabi ni David. Si Maritess ay nasa tabi ni Michelle samantalang ang upuan sa kabilang dulo ng mahabang mesa na dating puwesto ni Doña Almira ay nakareserba para kay Natalie.

“He is my ex-boyfriend,” nakangiting derechong pagtatapat ni Michelle habang nakatitig sa kanya. Namumungay ang mga mata nito na parang may nais na namang ipahiwatig sa kanya.

Sa laki ng ipinagbago niya, hindi imposibleng muli siyang magustuhan nito ngunit sa pagkakataong

iyon ay hindi na siya papayag na muling mapaglaruan nito. Dapat niyang tandaan na ikakasal na ito kay Ferdinand Zialcita.

“What happened to you after we broke up, David?” walang kiyeme na tanong ni Michelle makaraan ang ilang sandaling katahimikan. “Tumigil ka sa pagsundo kay Esther at hindi na kita muling nakita.”

Sumulyap siya kina Atty. Mendez at Maritess bago muling bumaling sa babae. “I don’t think this is the right time to talk about that,” sabi niya.

“Ang laki ng ipinagbago mo at muntik na kitang hindi makilala,” napangiting sabi nito. “You look great, Dave! Lalo kang gumuwapo.”

Magsasalita pa sana si David nang pumasok sa dining room si Natalie. Tuluy-tuloy itong naupo at saka lamang niya ito napagmasdang mabuti. Kung malaki ang ipinagbago niya, mas malaki ang ipinagbago ng dalaga ngayong twenty-six na ito. Kung noon ay mukhang nerd ito, ngayon ay napakaganda na. Hindi niya mapaniwalaan na ang babaeng nakipagtalo sa kanya kanina dahil nahagip ni Carding ang rear bumper ng kotse nito ay walang iba kundi si Natalie. Ngayon ay walang sunglasses ang mga mata nito na lalong nagpalantad sa kagandahang hindi niya nakita

noon.

“Should we get right down to business?” simula nito, sabay tingin kay David, pagkuwa’y biglang napatayo nang mapagsino siya. “Ano’ng ginagawa mo rito?”

“You mean, Natalie, nakikilala mo na siya?” di-makapaniwalang tanong ni Michelle sa pag-aakalang namukhaan kaagad nito si David.

“Siya ang gumasgas sa kotse ko,” galit na pagsisiwalat nito. “Ang kapal din naman ng mukha mo!”

“Natalie, he’s Mr. Abrigo,” tarantang awat ni Atty. Mendez. “May proposal siya para sa business mo kaya ko siya inimbita dito.”

“And guess what, Natalie?” nakataas ang isang kilay na dugtong ni Michelle. “He’s my ex-boyfriend. Do you still remember David Reyes, ang pamangkin ni Esther na private tutor ko?”

“What are you talking about?” nag-iinit ang ulo na baling nito sa kapatid.

“Siya ang David na pamangkin ni Esther,” sagot ni Michelle. “Don’t tell me, hindi mo na naaalala ang lalaking hinamak-hamak mo? Well, I can’t blame

you. Sino nga naman ang mag-aakalang ang pobreng David ay naririto ngayon para tumulong sa business natin na unti-until nang bumabagsak,” sarkastikong sabi nito.

“That’s not true, Michelle!” exasperated na saway ni Natalie sa kapatid. “Hindi bumabagsak ang kabuhayan natin. At kung totoo ang sinasabi mong ang lalaking ito ang makapal ang mukhang pamangkin ni Esther, nag-aaksaya lang ako ng panahon.” Bumaling ito kay Atty. Mendez. “Paalisin mo na sila, Attorney.”

“Hija—”

“Ang sabi ko, paalisin mo na sila!” utos nito.

Nagpatiuna na sa pagtayo si David. “Well, nagsasayang din ako ng panahon dito, Atty. Mendez,” aniya habang inaayos ang sarili. “Marami pa akong appointments ngayon. And I’d rather not do business with hysterical, loud-mouthed women. Let’s go, Maritess.” Nagpatiuna na siya sa paglakad palabas ng dining room. Pagdating sa garahe ay saka pa lamang niya napansin ang may gasgas na kotse ni Natalie. Kibit-balikat na sumakay na siya sa back seat ng kotse niya.

“Dave!”

Narinig niya ang tinig ni Michelle na sadyang humabol sa kanya hanggang sa garahe. Walang kibong tiningnan niya ito mula sa bintana ng sasakyan ngunit hindi na ibinaba ang salamin niyon.

Kumatok ito sa salamin at wala siyang nagawa kundi ang ibaba ito. “May nakalimutan ka bang sabihin, Michelle?” pormal na tanong niya.

“Yes,” nakangiting sagot nito.

“What is it?”

“Give me your calling card first,” maarteng sagot nito.

Listo namang nag-abot ng isang calling card si Maritess mula sa attaché case nang bumaling dito si David.

“Thanks,” anito nang iabot niya ang hinihingi nito. Saglit muna nitong tiningnan iyon. “Now, this is what I want to tell you—hintayin mo ako sa pad mo. I’ll be there one of these days.” Kumindat ito bago maarteng humakbang pabalik sa mansion.

Napatingin na lang si David sa nakangiti nang si Maritess.

Napasukan ni Michelle si Natalie sa kuwarto niya na nakatayo sa veranda at sinusundan ng tingin ang papalayong kotse ni David.

“Hindi ka makapaniwala, ’no?” nakangiting tanong ng kapatid mula sa likuran niya. “Hindi ka makapaniwala na ang pobreng si David ay kasing-yaman na natin ngayon o mas mayaman pa kaysa sa atin.”

“Hindi ko kailangan ng kausap,” mataray na sabi niya habang nakatalikod pa rin dito.

“Pareho lang tayo ng nararamdaman, Natalie,” patuloy pa ring sabi nito. “Hindi ko din kaagad nakilala si Dave kanina. He has changed a lot... like you.” Nakataas ang isang kilay na sumandal ito sa sliding door ng veranda. “Nakakatuwang isiping si Dave ang nagpabago sa ’yo.”

“Tumahimik ka!” biglang harap niya sa kapatid.

“Masama bang balikan ko ang isang magandang bagay na nangyari sa nakalipas na siyang nagpabago sa isang mukhang nerd na Natalie Legarda?” Naghalukipkip ito. “Well, my dear sister, alam ko yatang tinawag kang pangit ni Dave noon. At kaya ka naging conscious sa ’yong sarili dahil may gusto kang patunayan sa kanya. Mahirap bang tanggapin na

tinamaan ka sa sinabi ng isang pipitsuging pamangkin ni Esther? Hindi ba't dapat ay magpasalamat ka pa nga dahil malaki ang naitulong niya sa 'yo? Kung hindi dahil sa kanya ay hindi ka magmumukhang tao?" Humalakhak ito na halos ikabingi niya.

Isang sampal mula kay Natalie ang nagpatigil dito. "Bakit hindi ang kasal n'yo ni Ferdinand ang asikasuhin mo?" umiinit ang ulo na tanong niya.

"Nagbago na ang isip ko," pairap na sagot ni Michelle. "Hindi na ako magpapakasal sa businessman na ka-deal mo."

"You can't do that!" malakas na sigaw niya.

"Bakit? Dahil tuluyan nang babagsak ang negosyo mo at mapapahiya ka sa maraming tao kapag umatras ako sa kasal?" nakapamaywang na tanong nito. "Dahil parang bulang maglalaho ang pamilya Zialcita na siyang tutulong sa bumabagsak mong kabuhayan at guguhong lahat ang mga pangarap mo, Natalie? Magsasara ang bangko. What will happen to you after that?"

"At mas matutuwa ka pag nangyari 'yon?" matigas na balik-tanong niya. "Wala kang kuwentang anak; wala kang kuwentang kapatid! Wala kang concern sa negosyong iniwan ng Mama't Papa!"

“Dahil mapurol ang utak ko,” mariing sagot nito. “Gusto mong magsaya ako pagkatapos ipamana ng Mama ang lahat-lahat sa ’yo? Gusto mong maging masaya ako para sa ’yo dahil ikaw lamang ang maaaring humawak at magpatakbo sa bangko? At ako? Isang kasa-kasangkapan lamang dahil bobo ako?”

“Pinili ng Mama na iwan sa akin ang pamamahala ng lahat dahil alam niyang iresponsable ka,” pagpapaalala niya. “Wala kang ibang inatupag sa buong buhay mo kundi ang panlalalaki mo. Bakit, saan mo ba ibinigay ang monthly allowances na tinatanggap mo mula sa negosyo? Hindi ba’t sa lalaki mong mayabang at mabisyo?”

“Naging masaya ako sa mga ginagawa ko noon, Natalie, pero naging sunud-sunuran ako sa inyo ng Mama. Nang paghiwalayin mo kami ni Brix, nagkunwari akong hindi apektado. At ngayong nais mo akong ipakasal sa isang lalaking hindi ko gusto para sa pansarili mong kaligayahan, gusto ko pa ring magkunwaring okay lang sa akin ang lahat para ipakita sa ’yong kahit hindi ako kasing-talino mo, hindi mo ako kayang paiyakin. At hindi nga, Natalie. Lalo na ngayong nakakita ako ng lalaking magagamit ko sa aking mga ambisyon.” Ngumisi ito.

“Hindi mo ako puwedeng suwayin,” mariing sabi niya. “Pakakasal ka kay Ferdinand dahil iyon lang ang maitutulong mo sa pamilyang ito.”

“Oh, really?” nang-uuyam na sagot nito. “If I were you, ako na lang ang pakakasal kay Ferdinand para malubus-lubos na ang kaligayahan ko. Mas maganda ’yon, Natalie. Mas compatible kayo.”

“Susundin mo ako or else....”

“Or else what? Tatanggalan mo ako ng monthly allowances? Iyon na nga lang ang pamana sa akin ng Mama, aangkinin mo pa? You won’t dare!”

“Kung babaguhin mo ang ugali mo at maging responsable ka lang, Michelle, hindi lang ’yon ang matatanggap mo. Alalahanin mong isang pirma ko lang sa dokumento, mapapasaiyo na ang kung ano’ng gustuhin mo.”

“Thanks but no, thanks. Patutunayan ko sa ’yo na kaya kong maghanap ng suwerte nang hindi nanggagaling sa ’yo,” determinadong pahayag nito.

“Tigilan mo na ang panloloko mo, Michelle.” Nagtiim ang mga bagang niya.

“Bakit?” taas-kilay na tanong nito. “Hindi ba’t panloloko ang ginawa mo nang ipagkasundo mo ako

kay Ferdinand?”

“Ginawa ko ’yon hindi lamang para sa sarili ko kundi para sa ’yo,” nagtitimping sagot niya. “Ano’ng mangyayari sa atin kapag nawala ang natitirang kabuhayan na iniwan sa atin ng Mama’t Papa?”

“Marunong akong dumiskarte para sa sarili ko. Eh, ikaw? Umaasa ka lang sa negosyo. Matalinong bobo!” Inis na tumalikod na ito at umalis.

“Hindi ka puwedeng umatras sa kasal!” malakas na habol niya.

“Ikaw ang magpakasal, I don’t care!”

“Michelle!”

Isang malakas na pagsara ng pinto ang sumunod na narinig ni Natalie.

Habang tumatakbo ang magarang sasakyan ni David ay tumatakbo rin ang isip niya.

Makaraan ang ilang sandaling pagpipigil, hindi rin nakatiis si Maritess na magsalita. “Akala ko ba, si Michelle lang ang may magandang mukha sa mga Legarda?” nakangiting tanong nito.

Napabuntunghininga ang binatang nakatingin sa

labas ng bintana. “Ako man ay hindi makapaniwala, Maritess,” sagot niya. “Magiging ipokrito lamang ako sa aking sarili kung sasabihin kong hindi ako attracted kay Natalie.” May tipid na ngiting sumilay sa kanyang mga labi. “She’s so beautiful... much more beautiful than Michelle.”

“So, ang ibig bang sabihin niyan ay maglalaan na ng oras sa pag-ibig ang aking workaholic na boss?” napangiting tanong muli nito. “Tatawag na ba ako sa isang sikat na flower shop para magpa-deliver ng roses kay Natalie Legarda?” tukso nito.

“Hindi pa rin nagbabago ang ugali niya,” ang siyang naisagot niya. “Mataray, masungit at matapobre pa rin siyang tulad ng dati.”

“At mukhang wala rin siyang panahon sa pag-ibig, Boss,” dugtong nito. “Sa tingin ko, si Michelle ang muling magkakagusto sa ’yo.”

“At sa tingin mo ba’y papatulan ko pa rin siya pagkatapos ng mga nangyari?” napangiting baling niya rito.

Nagkibit-balikat ito.

Mabibilis ang hakbang ni Natalie habang

pumapanaog ng hagdan. Tuluy-tuloy siya sa lanai kung saan naghihintay si Atty. Mendez.

“Ano ang gusto mong malaman at ipinatawag mo ako, Natalie?” tanong ng abogado.

Naupo siya sa harap nito. “Marami, Attorney,” sagot niya. “Tungkol kay David Abrigo. Iminungkahi mo sa akin noon na maaari siyang makatulong sa akin pero nakalimutan mong sabihin ang tungkol sa pagkatao niya. Kung hindi pa kami nagkita’y hindi ko malalaman na siya ang pobreng lalaking nagkagusto kay Michelle noon. Hindi mo ba alam na napahiya ako, Attorney?”

“I’m so sorry, Natalie, hindi ko alam,” sagot nito. “Kaibigan ko ang lawyer ng papa ni David kaya ko siya nakilala.” Isinalaysay nito ang nalalaman nito tungkol sa binata. Kung paano itong napunta sa pangangalaga ni Esther at marami pang iba.

“Milyonaryo ang ama ni David na si Don Norman Abrigo,” pagpapatuloy nito. “Nang kunin ng matanda si David kay Esther ay itinurong lahat dito ng don ang tungkol sa pagpapatakbo ng telecommunications company nito at iba pang mga negosyo. Nababasa mo naman siguro sa mga pahayagan ang standing ng mga kompanya ng mga Abrigo. Naisip kong maaari siyang maging stockholder ng bangko.”

“I don’t need him,” mariing sagot niya.

“Pero, Natalie—”

“Siya ang magiging sagabal sa mga plano ko para kay Michelle,” patuloy niya. “Siya ang tipo ng lalaking magugustuhan kaagad ng kapatid ko kaya kailangang gumawa ako ng paraan para mailayo siya rito. Kailangang matuloy ang kasal nina Michelle at Ferdinand bago mahuli ang lahat.”

“Wala tayong magiging problema kung magkagustuhan man sina David at Michelle,” paliwanag ng abogado. “Eh, di sila ang ipakasal mo? I’m sure, malaki ang maitutulong ni David Abrigo sa atin. Malaki ang impluwensya nila sa banking industry, Natalie.”

“Hindi ko siya kailangan, Attorney,” mariing ulit niya.

“Dahil ba sa mga nangyari noon? Natalie, walang mangyayaring maganda kung paiiralin mo ang pride mo,” payo nito.

“Si Ferdinand Zialcita ang kailangan ko,” sabi niya, sabay tayo.

“Si Ferdinand ay hindi gusto ni Michelle,” paalala nito.

“Ngayon na lang niya sinasabi ’yan dahil nakakita siya ng mas magugustuhan niya,” sagot niya. “Isang paraan iyon ng paghihiganti niya sa akin.” Nakahalukipkip na tumanaw siya sa malayo. “Hindi na niya naisip na ngayon siya mapaghihigantihan ni David sa panlolokong ginawa niya rito noon. Kahit kailan ay hindi nag-iisip si Michelle.”

“What are you planning to do?” tanong ni Atty. Mendez.

“I’m not sure yet but I *am* going to do something about it,” aniya. “Kung kinakailangang kausapin ko siya, kakausapin ko siya. Katulad ng ginawa ko noon.” Tinitigan niya nang matagal ang hawak na calling card ni David na nakuha niya sa kuwarto ni Michelle.

Napailing na tinanggal ni Atty. Mendez ang salamin nito.